Hunyo 2022

Pagpaparehistro sa Oryentasyon sa Programa sa Pansariling Pagpapasya
Mga Hakbang sa Pagpapa-enroll

Narito ang mga hakbang na maaari mong sundin para sa pagpapa-enroll sa Programa sa Pansariling Pagpapasya.

- [x] 1. **Dumalo sa isang Oryentasyon.**
- [ ] 2. Piliin kung paano mo gustong makuha ang iyong mga serbisyo ng sentrong pangrehiyon.
- [ ] 3. Kung gusto mong magpa-enroll sa Programa sa Pansariling Pagpapasya, sabihin sa iyong coordinator ng Serbisyo ng Sentrong Pangrehiyon.
- [ ] 4. Tukuyin kung sino ang gusto mong tumulong sa iyo sa paglipat mo sa Programa sa Pansariling Pagpapasya.
- [ ] 5. Bumuo ng iyong **Planong Nakasentro sa Tao** kung gusto mo nito.
- [ ] 6. Makipagkita sa iyong Pangkat ng IPP para i-update ang iyong IPP at bumuo ng iyong **indibidwal na badyet**.
- [ ] 7. Buuin ang iyong **Plano sa Paggastos** at simulan ang proseso para sa pagpili ng mga kawani at vendor na susuporta sa iyo.
- [ ] 8. Makipagtulungan sa iyong Serbisyo sa Pamamahala ng Pinansyal at posibleng isang Independiyenteng Facilitator para tapusin ang iyong Plano sa Paggastos.
- [ ] 9. Tiyaking pinahintulutan ang mga serbisyo sa mga sistema ng pananalapi ng sentrong pangrehiyon.
- [ ] 10. Magsimulang makatanggap ng mga serebisyo sa pamamagitan ng Programa sa Pansariling Pagpapasya

<u>Higit pang Oryentasyon sa Programa sa Pansariling Pagpapasya</u>

Mayroong higit pang mga modyul na magagamit upang magbigay sa iyo ng karagdagng impormasyon at suporta habang ikaw ay sumusulong sa iyong mga serbisyo simula sa SDP. Maaari kang magparehistro sa link na ibinigay sa ibaba para sa alinman na mga pagsasanay. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagsasanay na ito, makipag-ugnayan sa Opisinang Pangrehiyon ng SCDD (nakalista sa itaas).

Website ng SCDD Pambuong Estadong SDP na mga Pagsasanay: https://scdd.ca.gov/sdp-orientation/

Kasama sa mga karagdagang modyul ng pagsasanay ang Pagpaplanong Nakasentro sa Tao, Indibidwal na Badyet, Plano sa Paggastos, Mga Serbisyo sa Pag-aayos at Pagpapa-enroll.